# 1

"More champagne, Madam?" magalang na tanong ng isang binatilyong waiter kay Madam Vera Romanowski. Nakabalanse sa kamay nito ang isang tray ng champagne glasses.

Hindi lumilingon na inabot ng matrona ang champagne glass. Hindi rin ito nagbigay ng pasasalamat sa waiter. Abala ang babae sa pagbibida sa kanyang mga bisita na katulad niyang nouveau rich.

Typical sa mga parties nito na magpayabangan sa mga bagong acquisitions. Katulad ng iba, ipinanganak ito na walang-wala pagkatapos ay nasuwertehan sa pag-aasawa o tumama sa lotto o biglang umunlad sa negosyo. Heto ang dahilan kung bakit para silang mga lasing na naglulunoy sa kayamanang tinatamo.

Nangunguna si Mrs. Romanowski sa grupong ito. Ang gabi ng kanyang kaarawan ang pagkakataon para maipagmalaki ang kanyang mga alahas sa mga amiga.

"As I was saying, galante ang asawa ko. Hindi niya ako nakakalimutang bigyan ng konting regalo

sa birthday ko," nangingiting bida niya.

"Para na rin palang Pinoy 'yang Russian mong asawa," salo ni Minda Guazon, ang pinakatsismosa sa mga socialites na naroon sa pagtitipon.

"Daig pa ni Ivan ang ilang Pinoy na asawa, 'no?" komento ni Guada Soriano.

"Ano ba'ng regalo niya sa 'yo?" tanong ng inggiterang si Maggie Sandoval.

"A small trinket from Russia," sagot ni Madam Romanowski, sabay bukas sa harapan ng kanyang makislap na gown.

Sa gitna ng malulusog na dibdib ay nakahimlay ang isang malaking heart-shaped ruby na napapaligiran ng maliliit na brilyantitos. Napa-ohh at ahh ang kanyang mga amiga pagkakita sa small trinket.

Napakunot ang noo ng waiter na tila nanghihinayang pagkakita sa kuwintas ni Madam Romanowski.

Napansin ito ng birthday celebrant at pasupladang nagtanong, "Wala ka bang trabaho?"

"Eh, kukunin ko lang po ang mga maruruming champagne glasses."

Mabilis na kinuha ng waiter ang mga baso at palihim na napapailing. Narinig pa nito ang huling komento ng mga amiga ng babae.

“Naku, mag-ingat ka sa *Anino*. Marami na siyang nabibiktima sa ating mga mayayaman,” ani Minda.

Natawa si Mrs. Romanowski. “Malabong mangyari ‘yan. Secure ang aking bahay sa mga security guards at may alarm system ako. Hindi basta-basta makakapasok ang sinumang *Anino* na ‘yan sa pamamahay ko.”

“Hindi ka nakakasiguro,” saad ni Maggie. “Naglagay ng ilang guards si Juan sa bahay at nagpakabit ng modern alarm systems, pero nakuha pa rin niyang makapasok at makuha ang ilang alahas na pamana pa ng mama ni Juan sa akin.” Naiiyak ito habang nagkukuwento.

“O, kalimutan mo na ‘yun. Magpabili ka na lang kay Juan uli,” mabilis na salo ni Mrs. Romanowski.

---

Napapangiting lumayo ang binatilyong waiter sa grupo ng mga matrona.

Hindi magtatagal ay makukuha rin ng *Anino* ang mga alahas ni Mrs. Romanowski, naisip niya.

Kunsabagay ay tama ang babae sa sinabi nito. Makakabili pa uli ng alahas kung gugustuhin. Katulad na lamang ni Mrs. Romanowski. May asawa itong Russian na napakayaman. Open secret sa social circle na miyembro ito ng Mafia sa Russia. Kung magbabakasyon ito upang makapiling si Mrs. Romanowski ay madalang pa sa pagbilog ng buwan. Ngunit basta may pera at regalo ay masaya na ang babae, wala mang masyadong oras ang asawa para rito.

*Kung mabiktima ng Anino si Mrs. Romanowski ay walang masyadong malulungkot maliban sa babaeng 'yon at sa asawa nitong miyembro ng Mafia,* naisip ng waiter.

Isa pa, napakasama ng ugali ng ginang kung itrato nito ang mga katulong at mga tao sa paligid nito. Nararapat lamang na biktimahin ito ng *Anino*.

Mabilis ang mga mata niya habang nagse-serve ng inumin sa mga bisita. Ang party ay paraiso sa *Anino*. Lahat ng bisitang babae ay suot ang mamahalin nilang alahas na lalong nagkikintaban sa tama ng ilaw. Puno ng self-assurance ang mga ito na tila ba hindi mawawala sa kanila ang mga alahas.

Lumipas ang ilang oras ng inuman at kainan. Napansin niyang umingay na ang mga bisita.

Nalalasing na sila. Si Mrs. Romanowski ay halos nakahiga sa sofa at nakaakbay sa isang guwapong sikat na artista.

Sumilip siya sa labas ng bintana. Nagkukuwentuhan ang mga guards at mga drivers habang palihim na umiinom. Hindi niya nakalimutang abutan ang mga ito ng ilang bote ng hard drinks kanina. Ang mga katulong at ilang caterers ay nagsimula ring mag-relax dahil malapit nang matapos ang selebrasyon. Perfect time para kumilos ang *Anino*.

Pasimpleng umakyat ang waiter sa second floor ng mansion at binigyan ng alak ang ilang bisita na nagkalat sa bahaging iyon. Nang mapansin na walang sumusunod sa kanya ay tuloy-tuloy siya sa right wing ng bahay.

Pinag-aralan niyang mabuti ang plano ng bahay. Noong isang araw ay nagkunwari siyang isang pest control man mula sa subdivision association. Siyempre, nag-timing siya na katulong lang ang naroon. Pinalabas niya ang katulong upang sabihin na delikado sa kalusugan nito ang insect spray. Nakapasok siya sa kuwarto ni Mrs. Romanowski at nakuha niyang ma-deactivate ang alarm system nito sa loob ng limang minuto.

Ngayon ay simple na lang ang kanyang gagawin:

kailangan lang niyang mabuksan ang kaha de yero ng ginang at saka siya sisibat mula sa bahay. Heto ang perpektong pagkakataon dahil hindi akalain ng mga guards na maglalakas-loob ang *Anino* na magnakaw sa gitna ng isang malaking kasayahan.

“Diyan kayo nagkakamali,” bulong ng waiter.

Nagawa niyang buksan ang pinto ng kuwarto ni Mrs. Romanowski at dumerecho siya sa kaha de yero nito. Nagsuot siya ng black gloves at itinabi ang isang high-tech equipment. Pinasabog nito ang lock na walang ingay na lumalabas. Napangiti siya dahil mabilis niya itong nagawa nang walang problema.

*Hindi pa pumapalya ang mga sistema ni Bryan,* naisip niya.

Bumulaga sa kanya ang jewelry box ng ginang. Mabilis niya itong binuksan at inilagay niya ang mga alahas sa isang maliit na pouch bag. Sari-saring diamante ang naroon. Wala siyang itinira. Kumuha siya ng isang maliit na card na may pirma ng *Anino* at inilagay niya sa jewelry box. Mabilis ang kilos niya, halatang pinag-aralan ang lahat ng gagawin.

Tumingin siya sa relo; ala una na ng madaling-araw. Kinuha niya ang isang remote control sa bulsa at pinindot ito. Nawalan ng kuryente ang buong

mansion ni Mrs. Romanowski.

---

Sa isang condominium unit sa Makati, nakaupo si Bryan Ignacio sa harapan ng TV at nanonood. Matipuno itong lalaki, matangkad at mukhang mestizo na Pinoy. Nakasuot siya ng pure black, casual ang pananamit pero walang casual sa mga kilos niya. Measured ang kilos kumbaga, alam niyang kontrolin ang lahat ng nangyayari sa paligid.

Pero hindi sa pagkakataong ito. Ang dating walang emosyon niyang mukha ay napalitan ng pagkairita. Kunot ang noo niya na tila naiinis sa nakikitang balita sa TV.

*"Paano kayo nakakasigurong ang Anino nga ang kumuha sa inyong mga alahas?" tanong ng TV reporter kay Mrs. Romanowski.*

*"Heto'ng card na 'to!" mangiyak-iyak na tugon nito. Terible ang hitsura nito sa TV dahil halatang may hangover, walang makeup at frustrated sa malaking nanakaw rito. "Nag-iwan ang walanghiya ng card at nagpasalamat pa sa akin." Para itong baboy kung pumalahaw. Inabutan ito ng katulong ng tubig.*

*Nagpakita ng simpatya ang field reporter, pero halatang nagpipigil itong matawa sa hitsura ng*

*socialite. “Naparating na ba ito sa pulis?”*

*“Walang-kuwenta ang mga pulis. Isusumbong ko siya kay Ivan ko. Lagot siya sa Ruso kong asawa!” Ilang minuto lang itong nagalit pagkatapos ay nag-iiyak na naman. “Mga alahas ko!”*

*Humarap ang field reporter sa TV at nagbalita, “Sa ngayon ay naghahanap pa rin ng lead ang mga pulis. Wala pa ring pahiwatig kung sino ang Anino maliban sa mga sulat na iniiwan sa kanyang ninanakawan. Si Mrs. Romanowski ay isa lamang sa mga mayayamang nabiktima ng Anino. Sinasabing nawalan ang socialite ng approximately two million pesos sa mga alahas nito.”*

Galit na pinatay ni Bryan ang TV at kinuha ang baso ng orange juice na nasa tabi niya. Lumagok siya ng inumin at tumingin sa orasan. Mayamaya ay tumunog ang doorbell. Nakasimangot na binuksan niya ang pinto samantalang nakangiti naman ang bisita—si Yegana Cabral.

---

“You’re just in time, Anino,” singhal ni Brayn sa dalagang nakatayo sa pintuan.

Tumaas ang kilay ni Yegana sa mood ng lalaki, pero hindi pa rin nawawala ang pagkakangiti niya.

Bahagya siyang humalik sa pisngi nito at naglakad papasok sa living room. Inilapag niya ang pouch bag sa working table ni Bryan.

Si Yegana ay maliit na babae sa height na 5'2". Balingkinitan ang kanyang katawan at kung magsusuot ng panlalaking kasuotan ay mapagkakamalan siyang binatilyo katulad sa party ni Mrs. Romanowski.

Sa oras na ito ay puno ng kasiyahan ang magandang mukha ng dalaga. Morena ang kutis niya, matangos at maliit ang kanyang ilong, seksing bibig na parang may lihim na amusement, at higit sa lahat, malalaki at mapang-akit ang kanyang mga mata na napapaligiran ng mahahabang pilik.

Mahilig siyang magsuot ng jeans, pero mainit ang buwan ng April para sa pantalon. Sa ngayon ay nakasuot siya ng blusa at palda na nag-emphasize sa magaganda niyang legs. Mukha siyang manika na hindi gagawa ng kalokohan. Pero kilalang-kilala na siya ni Bryan.

"Did I come visit at a bad time?" usisa niya sa nakasimangot na binata.

"You are taking too much risks."

"Bryan, magnanakaw ako. Parte ng trabaho ko ito."

"Pero bakit kailangan mo pang ipaalam kung sino ka? Nag-iiwan ka ng card na may pirma mo pa."

Napangiti siya. "Sorry, nayabangan kasi ako nang husto kay Mrs. Romanowski. Konting ganti lang sa masamang ugali niya."

"But all your victims are supposedly to be like Mrs. Romanowski. Dapat ay masanay ka na," paalala nito. "Don't leave your signature anywhere, Yegana. Kung hindi ka titigil ay ilalaglag kita sa aking listahan. Hindi kita bibigyan ng trabaho."

Sumeryoso ang dalaga. Alam niyang nagagalit si Bryan dahil puno ito ng pag-aalala para sa kanya. Magnanakaw nga sila, pero may code of honor silang sinusundan. Hindi lang sila nagnanakaw ng kahit na sino. Pinipili nilang maigi ang kanilang biktima.

Usually, ang mga tipo ni Mrs. Romanowski ang kanilang ninanakawan. Mayayaman na walang malasakit sa kapwa at nakuha sa masamang paraan ang mga pera. Kung may nararamdaman mang guilt si Yegana sa trabaho ay nawawala ito kapag nalalaman niya ang personal background ng bawat biktima nila. Dapat ay hindi na nga siya nagyayabang pa sa taong binibiktima nila.

"I'm sorry, Bryan."

Matagal na silang magkaibigan kaya alam niyang kaunti lang ang makakaapekto sa emosyon nito. Isa pa, ayaw niyang tigilan ang trabaho na ito hangga’t hindi niya natutupad ang pangako sa kanyang yumaong ina. Naupo siya sa harapan ng working table ni Bryan. “Hindi mo man lang ba titingnan ang nakuha ko?””

Humugot ito ng malalim na hininga. “You always have luck, Yegana. Pero hindi palaging mangyayari ito. May araw na papalya ka at natatakot ako para sa ‘yo.”

“Hindi mangyayari iyon. Magaling yata ang guro ko,” aniya na ang tinutukoy ay ang kausap mismo.

Malaki ang utang-na-loob niya kay Bryan. Tinulungan siya nitong bumangon sa napakalaking problema niya sa buhay. Walang-wala siya nang lumuwas siya ng Maynila para maghanap ng trabaho. High school lang ang natapos niya noon kaya katulong lamang ang trabahong alam niya. Muntik na siyang ma-rape ng amo kaya tumakas siya.

Si Bryan ang nakakita sa kanya na umiiyak sa gilid ng iskinita—walang pera, walang bahay at hindi alam ang gagawin. Sampung taon na ang nakaraan mula noong nagtagpo ang kanilang landas, pero malinaw pa rin ang lahat sa kanya.

Pinag-aral siya nito at tinuruan sa trabahong ito. Kung may taong labis niyang pinagkakatiwalaan ay ang binata iyon. Itinuturing niya itong nakatatandang kapatid. Handa niyang ibuwis ang buhay para rito dahil isinalba rin nito ang buhay niya at ng kanyang nakababatang kapatid na nakatira sa probinsya.

Hindi aware si Yegana na mataman din siyang pinagmamasdan ni Bryan.

*Ang laki ng pagbabago ni Yegana,* naisip nito.

Kailan lang ay isa siyang batang sisiw na walang direksyon sa buhay. Kung titingnan ang dalaga ay wala na siyang bahid ng dating si Yegana. Maliban sa mapait niyang nakaraan tungkol sa kanyang ina ay masasabing isang middle-class woman siya: edukada, confident at woman of the world. Pinigilan ni Bryan ang impulse na haplusin ang pisngi niya. Sa halip ay naglakad ito palapit sa mesa at binuksan ang pouch bag.

"Do you know how much they cost?" tanong niya.

"Approximately two million," simpleng sagot nito.

Naisip niyang makakakuha sila ng 1.5 million sa black market kung susuwertihin sila. Maaaring makakuha siya ng kalahati ng 1.5 million mula

kay Bryan. Nasiyahan siya dahil madadagdagan na naman ang ipon niya para kay Luis, ang kaisa-isa niyang kapatid.

"Alam mo na ang gagawin sa kalahati ng share ko, Bryan. Derecho ito sa account ni Mother Bernadette ng *Children of Mary Foundation*."

Tumango ito. "Marami ka nang naitulong sa kanila."

"Maraming bata pa ang nangangailangan ng pera, Bryan. Maliit lang na kontribusyon ito sa mga mahihirap." Tumayo na si Yegana. "Kailangan ko nang umalis. Matutulog ako ngayong araw na ito. Halos wala akong tulog kagabi."

"No date, Yegana?"

Natawa siya. "Wala akong interes sa pag-ibig at lalaki, Bryan. Gusto ko lang mabigyan ng magandang buhay ang kapatid kong si Luis."

May panghihinayang at admiration na tiningnan siya nito. "Huwag kang magsasalita nang patapos. You don't know what the future holds for you."

"Bryan, don't start worrying about my future. Ikaw nga diyan ang dapat nang mag-asawa."

"Iba sa lalaki."

“Gan’un!” Tumaas ang kilay niya.

Bahagya itong nangiti. Lumilitaw ang kaguwapuhan at charm nito sa ngiting iyon. Naisip niyang masuwerte ang babaeng mamahalin ng binata.

“I have to go…”

“I have some news for you.” Nag-hesitate ito sandali na tila tinitimbang ang susunod na sasabihin. “Tungkol ito kay Beata Sarmiento.”

Dahan-dahan na muling umupo si Yegana. Nawalan ng ekspresyon ang kanyang mukha. Heto na ba ang matagal niyang hinihintay mula kay Bryan?

“She needs a nanny for her daughter. Heto na ang pagkakataon para makapasok ka sa bahay niya.”

Kumislap ang kanyang mga mata at tumigas ang mga iyon. Dumating na ang pagkakataon para makaganti siya sa pamilya Sarmiento at sa injustice na naranasan ng ina sa kamay ng mga ito. “I am ready, Bryan.”

“We have to make plans. Personal ang lakad na ito kaya alam kong magpapadalos-dalos ka.”

Tumango siya. Handa siyang sumang-ayon sa lahat ng gusto ng binata.

"Remember your promise to me?"

Kumunot ang noo niya. "Promise?"

"This is your last assignment, Yegana. After this, graduate ka na sa akin."

Hindi nagreklamo ang dalaga. Bryan knows her. She entered this profession because of one thing: She wanted revenge.

# 2

Bumuntong-hininga si Marcus Sarmiento; naiinip na siya. Pang-ilang ulit na bumabalik ang usapan sa meeting. Pinagbibigyan niya ang lahat ng kanyang executives na magtalo at maglabas ng kanilang sentimyento. Normally, napagtitiyagan niya ang mahabang monthly meeting pero pagod siya ngayon.

Mula sa kanyang business meeting sa Singapore ay tumuloy siya sa executive meeting na ito. Ayaw niyang mawala rito dahil ito ang pagkakataon na makakausap niya ang kanyang mga executives.

Ngunit kung wala nang patutunguhan ang usapan ay gusto na niyang umalis. Sana ay makapag-weekend man lang siya sa kanyang fruit farm sa Batangas. Doon ay magagawa niya ang kanyang gardening hobby.

“What do you think, Marcus?” tanong ng marketing manager niya.

Pinilit niyang ibalik ang konsentrasyon sa usapan. “I think you are too conservative. May possibilities na pasukin ang European market. Thailand and China did it. Bakit hindi natin kayang gawin? Our products

can compete with them as well."

"But the main problem is we don't have a market. Hindi tayo nakakapasa sa quality control ng EU."

"Then, that's what we have to work on," sagot niya.

Nagsimulang magsalita ang mga executives. Bawat isa ay may opinion sa sinabi niya. Itinaas ng binata ang kamay. Natahimik ang lahat.

Isang effective businessman si Marcus dahil sa air of authority niya. Tahimik lang siya pero mas lalo siyang pinakikinggan dahil palaging may point ang binata. Ito ang dahilan kaya nagtiwala nang husto sa kanya ang ama niya nang ipasa nito sa kanya ang responsibilidad bilang CEO ng kanilang kompanya nang atakehin ito sa puso at maging paralitiko.

"I want all of you to work hard. Ayoko ng negative mentality na hindi natin kaya. We have the resources that we need. We just have to work harder. Hindi tayo dapat nagpapatalo sa Thailand o Vietnam. Next meeting I want action plans. So, if you will excuse me…."

Tumayo na si Marcus at lumabas sa conference room. Isa siyang matangkad at matipunong lalaki. Palagi siyang nakasuot ng business suit. Nagsusuot

siya ng salamin na lalong nag-reinforce sa pagiging intellectual niya. Mabanayad at elegante rin siyang kumilos na tila hindi makakasakit kahit na insekto.

Isang gentleman si Marcus. Ito marahil ang dahilan kung bakit maraming babae ang kaagad na nabibighani niya kahit wala siyang effort na gawin.

Pag-upo niya sa kanyang swivel chair sa opisina ay isinandal niya ang ulo sa backrest ng upuan. Hinawi niya ang medyo wavy na buhok at inalis ang salamin. Pagod ang kanyang mga mata. Wala pa siyang tulog mula sa biyahe niya sa Singapore. Ipinikit niya ang mga mata.

“Sir?”

Kunot-noong nagmulat siya. Pagod na nginitian niya si Mrs. Rawat, ang fifty-five-year-old niyang personal secretary. Istrikto ito, pero very motherly sa kanya at lubusan niyang mapagkakatiwalaan. Nakakunot ang noo nito na tila may kinaiinisan.

“Yes, Rizza?

“I know you’re tired, Marcus. I don’t want to disturb you pero bumalik na naman ‘yong alahera.”

Napailing siya. “She’s a jewelry designer, Rizza.”

Napasinghal ang matanda. “Masyadong makulit,

sinabi ko na sa telepono na marami ka pang commitments pero nagpumilit na pumunta rito."

"Please tell her na umalis ako—"

"Which is a total lie, my son," singit ni Beata Sarmiento sa pintuan ng kanyang opisina. Sa likuran nito ay si Georgia na nangingiting nakatingin kay Rizza na tila nagsasabing 'Nanalo ako.'

Naiinis na umalis ang personal secretary at padabog na isinara ang pinto

"Why don't you fire her? She is so impertinent," reklamo ni Beata. Inayos nito ang styled hair gayung kagagaling lang nito sa salon. Malapit na itong mag-sixty pero dahil sa magaang pamumuhay ay mukha pa rin itong mas bata kaysa sa tunay na edad. Ngunit sa kabila ng kayamanan ay halatang naiinip ito sa buhay. Makikita iyon sa kunot-noo nito at sa madalas na pagtapik ng daliri sa mesa.

"She's the best secretary in the world, Mama." Tumayo siya upang halikan sa pisngi ang ina. Bago pa siya nakalapit kay Georgia ay humalik na sa pisngi niya ang dalaga at masuyong yumakap sa kanya.

"Why don't you get someone younger?" Si Georgia.

"She is efficient and even better than the younger ones."

"Pero daig pa niya ang mama mo kung bantayan ka. Ako mismo ay nahirapan, paano pa kaya ang ibang tao?"

Umiling na lang si Marcus. Si Georgia ay typical na spoiled rich girl sa pananamit at action nito. Understated and elegant clothes na galing sa mamahaling boutiques ang mga damit na palagi nitong isinusuot. Mukha rin itong galing sa spa at salon dahil sa nangingintab nitong kutis at buhok. Isa itong pampered socialite na hindi alam ang hirap sa buhay. Galing ito sa pamilya ng jewelry moguls. Kaya 'alahera' ang tawag ni Rizza sa dalaga.

"I miss you, Marcus. Do I really have to ask your mom to come with me para lang malampasan ko ang dragon mong sekretarya?" nakasimangot nitong tanong.

"No, Georgia. Rizza is just doing her job. It's just that I'm so tired. I haven't had enough sleep for days."

"You can't come to the family dinner tonight then?" Disappointed ito. "My father wants to see you again."

"It's all right, Georgia." Si Beata na ang nagsalita.

"Puwede kang magbakasyon sa amin sa Batangas. Uuwi si Marcus doon for the weekend."

"Mama, I can't—"

"You have to, Marcus. Pinapunta ko ang mga applicants d'un for Lyka's nanny. Gusto ko na ikaw mismo ang mamili. Besides, Lyka misses you a lot."

Lumambot ang kanyang mukha, halatang may affection para sa bunsong kapatid. "Ano'ng nangyari sa dati niyang nanny?"

"Hay naku! Ewan ko. Isang linggo lang nanatili 'tapos lumayas na. Alam mo naman si Lyka, may pagkademonyita kaya walang nakakatagal na yaya niya. Suko na ako sa kapatid mo, Marcus. Sa iyo lang 'yon nakikinig."

Natawa siya. "You think the next nanny will stay longer?"

"Sana nga. I trust your judgement, my son. Siguro makakapili ka ng yaya na mas makakatagal kay Lyka."

Bumuntong-hininga siya. Ang balak sana niya ay mag-relax sa kanyang fruit farm ngayong weekend kasama ni Lyka, pero mahalaga rin na makahanap ng yaya para sa kanyang bunsong kapatid.

“Okay, I’ll be there on the weekend,” sabi na lang niya para matigil na ang dalawang kausap. Isa pa, nakakaramdam siya ng sakit ng ulo.

Hindi niya napansin na nagtinginan sina Beata at Georgia na tila may lihim na sabwatan. Kinilig ang dalaga sa isipang makakasama nito ang binata ng buong weekend sa Batangas. Naisip naman ni Beata na perfect si Georgia na maging daughter-in-law.

# 3

Sa mansion ng mga Sarmiento sa Batangas, tahimik na nakaupo ang isang manang na babae sa sala. Nakahiwalay siya sa ibang mga aplikante. Pang-apat siya sa mga nais maging yaya ng bunsong anak ng mga Sarmiento. Nakasuot siya ng makapal at black-rimmed spectacles, long-sleeved white blouse at dark pants na walang korte.

Inalis niya ang salamin at sinipat ang kapaligiran ng mansion. Maliban sa magagandang mata ay halos hindi makilala si Yegana sa kanyang get-up. Kahit si Bryan ay hindi rin siya kaagad nakilala nang ihatid siya nito sa mansion.

Maganda ang mala-palasyong bahay. Itinayo iyon noong panahon pa ng Kastila, pero nagawang i-renovate para malagyan ng modern touch ang hardin at ang mismong bahay.

*Marami talagang nagagawa ang pera*, naisip niya.

Hindi niya lubos akalaing nakatuntong siya sa mansion kung saan nanilbihan ang kanyang yumaong ina. Dito unang umibig si Asuncion, nasaktan at itinakwil na tila hayop sa lansangan. Nagkuyom ang

kanyang kamay. Natigilan siya sa pagbabalik-tanaw nang makita mula sa gilid ng mata ang maliit na batang umaakyat sa puno. Nakaramdam siya ng kaba pagkakitang walang nakaalalay rito at mataas na ang kinaroroonan nito.

Lumabas siya ng bahay at pumunta sa tapat ng puno.

"Psst! Hoy, bata!" tawag niya.

Ngumiti lang ang bata sa kanya. Umakyat pa ito nang mas mataas. Kinabahan na si Yegana. Nasaan ba ang ina ng bata? Ang daming katulong dito pero wala ni isa mang nagbabantay.

"Bumaba ka diyan. Baka ka mahulog."

Dinilaan lang siya nito at humagikgik. Gusto niyang kurutin ito.

"Unggoy ka ba? Unggoy lang ang umaakyat ng puno," insulto niya. Mukhang hindi makukuha sa pakiusap ang batang ito.

"Hindi ako unggoy!" naiinis na tugon nito.

Nakahinga siya nang maluwag nang tumigil ito sa pag-akyat at tumingin sa kanya.

"Gusto mo ng saging? Hahagisan kita. Ano'ng

pangalan mo, Chita?" tukoy niya sa alagang chimpanzee ni Tarzan.

Natawa na ang bata. "Siguro di ka marunong umakyat ng puno?"

*Higit pa sa puno ang kaya kong akyatin,* nasabi niya sa sarili. *Kaya kong akyatin pati mansion ng mga Sarmiento.*

"Marunong din. Pero ayokong umakyat kasi baka mapagkamalan akong unggoy."

Sumimangot ito at nagpatalon-talon sa puno. Halos malaglag ang puso ng dalaga nang biglang bumigay ang sanga sa puno. Mabilis ang kanyang reflexes. Nasalo niya ang bata bago ito bumagsak sa lupa.

"Lyka!" sigaw ni Beata mula sa terrace. Nakasunod si Georgia at patakbo ring lumabas ng bahay si Marcus. Nasa loob ng bahay ang mga ito nang marinig ang sigaw ng bata.

Sandaling natigilan si Lyka. Mayamaya ay natatawang kumawala ito sa pagkakahawak ni Yegana.

Sinalubong ng binata ang bunsong kapatid at sinipat. "You crazy child," naiinis at natatawa nitong

sabi. "You okay?

"She caught me while I was falling from the tree, Kuya." Ngumiti ang bata kay Yegana. "I kind of like her."

"Eat your snack inside. Mama is waiting for you."

"Okay," parang anghel na sumunod ito sa utos ng kapatid.

Lumapit ang lalaki sa medyo shocked pa rin na babae. Lalo siyang na-shock nang makita ito sa malapitan. Ang guwapo! Kung ngumiti ito ay parang matutunaw siya.

"I believe you are one of the nanny applicants?"

"Y-yes."

"We don't need to make the interviews. You're hired." Iniabot nito ang kamay upang makipag-handshake sa kanya. "I'm Marcus," pakilala nito sa sarili.

Parang nakuryente si Yegana sa hawak nito. Mabilis niyang binawi ang kamay at naguguluhang ngumiti o mas mabuting description na ngumiwi siya. "Ako po si Gina dela Cruz."

---

Ilang araw makaraan ang unang pagtapak ni Yegana sa mansion ng mga Sarmiento sa Batangas, bumalik siya roon matapos kunin ang isang maleta ng mga damit sa Maynila.

"Ikaw ang bagong nanny?" takang tanong ni Tessa, isa sa mga katulong sa mansion. Ang payat at maliksing babae ang naatasang mag-tour sa kanya sa buong kabahayan at sa magiging kuwarto niya.

"Ako nga," wala sa sariling sagot niya. Abala siya sa pag-inventory sa mga kuwarto at possible escape routes niya kung sakali.

Nagulat siya nang humagalpak ito ng tawa. "Naku, 'Day! Magdasal ka na sa Mahal na Birhen. Ilang araw ka kayang tatagal?"

"Bakit?"

"Iyong huling yaya ni Lyka ay mas malaking babae sa 'yo.  Tumagal lang ng isang linggo at umiiyak na nag-empake."

"Kailangan ko lang kasi ng trabaho. Ako na lang sumusuporta sa kapatid ko."

"Gan'un ba?" Medyo naawa si Tessa. "Parang ako rin. Andami ko na ngang bale kay Madam Beata dahil madalas akong magpadala sa Surigao." Binuksan nito

ang isang simpleng kuwarto. "Sa kabila ay kuwarto ni Lyka. Sa kanan mo ay kuwarto ni Sir Marcus."

"At sina Madam Beata at Sir Manolo, saan ang silid nila?"

"Ah, d'un sila sa kabilang wing. Ayaw ni Señora nang magulo kaya malayo siya sa kuwarto ni Lyka. Iba talaga ang mayayaman, ano?"

Inilapag ni Yegana ang maleta at tumingin sa labas ng bintana. Muntik na siyang mapaatras nang muli niyang masilayan si Marcus. Nakaupo ito sa damuhan at kausap si Lyka.

Lumapit si Tessa sa bintana. "Mas close si Lyka sa kuya niya kaysa kay Madam Beata. Walang oras si Madam sa mga bata, palagi itong nasa mga amiga o kasayahan. Madalas maiwan si Don Manolo dito. Wala namang magawa ang matanda kasi na-paralyze na."

"Paralyzed?" Nagulat siya.

"Oo, di gaanong lumalabas ang matanda. Kapag nandiyan si Marcus, lalabas siya pero mahilig lang magkulong sa library. Alam mo may feeling nga ako na si Madam Beata ay may ibang lalaki."

Nagugulat siya sa bawat revelation ng katulong.

Pero advantage sa kanya ang pagiging tsismosa nito. Hindi nito alam na bawat information ng pamilya ay naitago na niya at naisip na maaaring gamitin sa susunod na mga araw.

"Sino ang babaeng 'yon?"

Isang tisay at sosyal na babae ang lumapit kay Marcus. Hindi ito umupo sa damuhan. Marahil takot na madumihan ang puting slacks na suot nito.

"Ah, isa sa mga gustong maging girlfriend ni Sir Marcus." Ngumiti si Tessa. "Naku! Supladita 'yan at napaka-plastic. Pakiramdam niya ay siya ang pinakamagandang nilalang sa mundong ito. As if mapapansin siya ni Sir Marcus."

"May girlfriend na ba si Sir Marcus?" Oops! Hindi niya napigilan ang curiosity.

"Uy, bakit may interes?" pambubuwist ng kausap. "Wala akong alam na girlfriend pero maraming may gustong mapangasawa si Sir. Pero feeling ko may lihim siyang pagtingin sa akin."

Nakita niyang nagbibiro si Tessa. Nagtawanan silang dalawa. Sa tingin ni Yegana ay mag-e-enjoy siya nang husto sa mga araw niya sa mansion. Pero hindi niya inaasahan ang mga pakiramdam na nasa puso niya sa tuwing makikita ang kanyang Sir Marcus.

Pagkaraan ng ilang araw, nagsisimula nang mag-adjust si Yegana sa bagong buhay niya sa mansion. Kung ordinaryong yaya siya ay di niya masusundan ang energetic na si Lyka. Hindi lang puno ang kaya nitong akyatin, minsan ay nahuli niyang naglalambitin ito sa mataas na balkonahe. Nagagamit niya ang special skills niya sa pag-akyat ng bahay kay Lyka.

Minsan ay nakakalimutan niya ang tunay niyang pakay sa mansion na ito dahil sa bata. Napapalapit siya rito, naalala niya ang kapatid sa katauhan nito.

Naiintindihan niya kung bakit difficult child si Lyka. Kulang ito sa pansin sa ama at ina. Pero napapansin niyang kapag tinatrato niya itong adult ay nakikinig ito. Ito marahil ang dahilan kung bakit nakikinig din ito kay Sir Marcus.

Sabado ng umaga, maaga siyang nagising. Ang oras na ito ang ideal time na makapag-iisa siya habang tulog pa ang kanyang alaga at ang mga amo. Umupo siya sa hardin kasama ng isang tasang kape, tinapay at keso.

Huminga siya nang malalim at nag-relax. Tanging mga ibon at simoy ng hangin ang kasama niya. Ganito rin ba ang nakagawian ng ina noong dalaga ito at

naninilbihan sa mga Sarmiento?

Labandera ang kanyang lola sa mga Sarmiento samantalang ang kanyang lolo ay driver. Nang mamatay pareho ang mga magulang ng ina ay ipinagpatuloy pa rin nito ang pagtatrabaho rito. Hanggang sa magkaibigan sila ng nag-iisang anak ng mga Sarmiento na si Don Manolo.

Alam niyang napakasaya ng kanyang ina dahil kapag nagkukuwento ito tungkol sa buhay nito sa mansion ay nawawala ang linya ng paghihirap sa hapis nitong mukha. Minahal nito nang tunay si Don Manolo, pero hindi pinayagan na magpatuloy ang kanilang relasyon. Sinabihan si Manolo na tapusin na ang relasyon at pinalayas si Asuncion. Pinalayas ito nang walang-wala…

"You are an early riser, Gina."

Nabitawan ni Yegana ang hawak na tasa ng kape. Hindi niya inaasahan ang pagsulpot ni Marcus. Ang alam niya ay nasa Maynila ito.

"Hey, relax," natatawang sabi nito pagkakitang ninerbyos siya.

"S-Sir, hindi ko po alam na nandito kayo."

"Dumating ako late na kagabi. May I join you?"

"Sige po," alanganin niyang sagot.

"Just call me 'Marcus'. Hindi naman ako gan'un katanda." Ngumiti ito sa kanya. Isang dimple ang lumitaw sa kaliwang pisngi nito at ang buhok nitong alun-alon ay medyo magulo. Bagong paligo ito. Naamoy ni Yegana ang aftershave nito. Naramdaman niyang tumatalon na naman ang kanyang puso.

"Sige po, Marcus."

"Wala na ring 'po'. Just Marcus." Umupo ito sa tapat niya. Humigop ito ng kape mula sa dala nitong tasa. "It's a nice morning. Gusto ko ang ganitong oras, walang hassle, walang ingay."

Tumayo siya. "Iwan muna kita para makapag-isa ka."

Pinigilan ni Marcus ang dalaga. Kaswal nitong hinawakan ang isang kamay niya. Hindi niya maintindihan pero tumalon yata lahat ng pulso niya dahil sa simpleng hawak nito.

"Oh, please stay, Gina. Gusto kitang makausap rin tungkol kay Lyka."

"T-tungkol saan?" Naku po, masisisante na ba siya nang hindi nagagawa ang kanyang pakay?

"I want to thank you for being patient with my

sister. She really likes you."

"Talaga?" Hindi makapaniwala si Yegana. Ang alam niya ay walang ginugusto ang bata sa mga yaya nito.

"Madalas kaming mag-usap sa telepono. She said you're cool. That means she likes you."

Nagkibit-balikat siya. "Sa tingin ko, kailangan niya ng atensyon."

"Sinabi ni Lyka na wala ka pang asawa. May pamilya ka ba? Kapatid?"

Hindi siya komportable sa pinatutunguhan ng usapan nila. "May isa akong kapatid. Ulila na kami."

"Brother or sister?"

"Isang lalaki."

"Ilang taon na siya?"

"Labing-dalawang taon." Nakita niyang may amusement sa mukha nito. "Bakit?"

"Ang tipid mong sumagot."

"Pasensya ka na. Hindi lang kasi ako sanay na pinag-uusapan ang buhay ko." Ini-adjust niya ang salamin sa mukha at umiwas ng tingin.

"Anyway, may lakad pala tayo mamayang after lunch."

"Lakad?" Silang dalawa lang? May suspetsang tumingin siya rito.

"No, Lyka would come with us, of course."

Namula siya pagkakita na nagpipigil mapangiti ang binata. Naisip siguro nito na ang lakas ng loob niyang magsuspetsa na may gusto ito sa kanya.

"I have a farm. It is an hour drive away from here. I'm sure you would enjoy it."

"P-pero... di kaya mabuting kayo na lang ang umalis? Para hindi ako makaabala sa inyo…"

"I insist that you come with us. I would like to spend time with you and Lyka. At para makapamasyal ka rin."